GOS
DEMONSTRATED
PEL

FILIPINO **WEEK 2**

# Ang Tunay na Relihiyon

## WARM-UP

- Alalahanin ang isang pagkakataon na ika'y tumulong sa tao na hindi mo kilala. Ibahagi ang kuwentong ito sa amin.
- Mabilis at magaling ka bang sumunod sa mga panuntunan? Ikuwento ang isang pagkakataon na nagpapaliwanag nito.
- Ibahagi ang pinakamalungkot na balita na natanggap mo ngayong linggo. Paano ka tumugon dito?

## WORD

*Ang pagkarelihiyosong itinuturing na dalisay at walang kapintasan ng Diyos Ama ay ito: Ang pagtulong sa mga ulila at mga biyuda sa kahirapan nila, at ang pagtalikod sa lahat ng kasamaan sa mundong ito.* **SANTIAGO 1:27**

(Basahin din ang **SANTIAGO 1:19-26.**)

Isinulat ni Santiago ang liham na ito sa mga mananampalataya noong panahon Niya upang hamunin sila na na isapamuhay ang kanilang pananampalataya: upang hindi lamang makinig ng Salita, kundi sundin ito. Ang layunin ng pagbabasa at pag-aaral ng Bibliya ay ang maisapamuhay ito at hindi pandagdag kaalaman lamang. Maaari tayong maging mga tagapakinig na nakakalimot sumunod, o kaya ay maging mga tagasunod na kumikilos ayon sa Salita. Ipinapangako ng Bibliya na ang mga tumutupad sa sinasabi ng Salita ay pagpapalain (Santiago 1:25). Dahil tayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, alam natin na ang “paggawa” ay hindi nagbubunga ng kaligtasan. Bagkus, bilang mga Kristiyano, magagawa nating isapamuhay ang ating pananampalataya at isakatuparan ang tunay na relihiyon: maglingkod sa mga dukha at naghihirap, at maging alisto laban sa kasamaan.

## 1 Maglingkod sa mga dukha at mga naghihirap.

*Ang pagkarelihiyosong itinuturing na dalisay at walang kapintasan ng Diyos Ama ay ito: Ang pagtulong sa mga ulila at mga biyuda sa kahirapan nila . . .* **SANTIAGO 1:27**

Ang mga ulila at biyuda noong unang siglo ang pinakadukha sa mga dukha. Dahil wala silang pamilya at hindi nila kayang buhayin ang kanilang sarili, sila ay pinapabayaang magutom, manlimos, at maging mga utusan. Bilang mga Kristiyano, anuman ang kalagayan natin sa buhay, tungkulin nating ipakita ang ebanghelyo sa lahat, maging sa mga taong hindi ito kailanman masusuklian. Sino ang mga dukha at naghihirap sa iyong komunidad? Paano mo sila matutulungan?

## 2 Maging mapagbantay laban sa kasamaan.

*. . . at ang pagtalikod sa lahat ng kasamaan sa mundong ito.*
**SANTIAGO 1:27**

Sinabi ni Jesus na ang mga disipulo Niya ay nasa mundo, subalit *hindi makamundo* (Juan 17:16). Hinimok ni Santiago ang mga mananampalataya na talikuran *ang lahat ng kasamaan at maruruming gawain* (Santiago 1:21). Bagkus, dapat nating alamin at sundin ang Salita ng Diyos, na siyang pinakamataas na panuntunan ng moralidad at awtoridad na nagbibigay-daan sa atin upang mamuhay ng may kabanalan. Paano ka napipigilan ng karumihan ng mundo mula sa paglilingkod sa iba, lalo na sa naghihirap?

## APPLICATION

- Ano ang pagkakaintindi mo sa tunay na relihiyon, at paano ito naiiba sa sinasabi ng Bibliya? Paano mo maisasapamuhay ang natutunan mo ngayon?
- Sino ang mga dukha at nahihirapan sa komunidad mo, at paano mo sila mapaglilingkuran?
- Ano ang isang bagay na kailangan mong gawin simula ngayong linggo upang hindi ka mabahiran ng mundo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang Salita. Ipanalangin na hindi mo lang ito pakikinggan, kundi susundin araw-araw.
- Bilang isang mananampalataya, ipanalangin na magawa mong mamuhay ayon sa pananampalataya mo at maipakita ang ebanghelyo sa pamamagitan ng paglilingkod sa mahihirap at mapanatili ang kadalisayan ng iyong sarili sa harapan ng Diyos. Ipangako na magiging mapagbantay ka laban sa kamunduhan.
- Ipanalangin ang mga dukha at nahihirapan. Hingin sa Diyos na pagpalain ka upang ikaw ay maging pagpapala: matugunan ang pangangailangan ng iba, makapaglingkod sa kanila, at maipangaral ang ebanghelyo sa kanila.

## NOTES

VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph